



RESOLUTION NO. 7591

Lungsod ng Rialto

POLISIYA SA NEGOSYO NG SERBISYO SA TUBIG

I. Aplikasyon ng Polisiya at Numero ng Telepono.

Ang polisiyang ito ay dapat na umangkop sa lahat ng mga account sa serbisyo sa tubig (pagkatapos nito "Polisiya"). Ang higit pang tulong tungkol sa pagbabayad ng mga bayarin sa tubig at ang potensyal na pagtatatag ng alternatibong pagbabayad na ipinahayag sa polisiyang ito para maiwasan ang pagtitigil ng serbisyo ay maaaring makuha sa pamamagitan ng pagtawag sa 909-820-2546 habang normal na oras ng negosyo.

II. Mga Pangkalahatang Kita.

A. Ang mga pangkalahatang kitang nakolekta sa pamamagitan ng singil sa serbisyo, singil sa pagkakabit, at mga multa at interes doon ay dapat na ilagay sa pondo sa tubig, at dapat na gamitin para sa pagtatamo, konstruksyon, muling pagtatatag, pagpapanatili at operasyon sa tubig o mga pasilidad sa gawaing tubig, para magbayad ng prinsipal at interes sa mga bonong inilabas para sa konstruksyon o muling pagtatatag ng mga ganoong pasilidad sa tubig, para magbayad ng mga pederal, estado o iba pang utang o pagbale na ginawa para sa konstruksyon ng mga ganoong pasilidad sa tubig; sa kondisyon, gayunpaman, na ang mga katulad na kita ay hindi dapat gamitin para sa pagtatamo o konstruksyon ng mga bagong lokal na pagtubo o pag-ilid ng kalye bilang kinikilala mula sa paghahatid at distribusyon ng mga linya ng tubig.

B. Ang pagpapatupad ng mga patakaran at regulasyong ito na tumutukoy sa operasyon, pagpapalawak, pagpapabuti, pagkukumpuni at pag-iingat sa sistema ng tubig ay responsibilidad ng Tagapamahala ng Lungsod o ng kanyang itinalaga. Anumang pagpapasya na kinakailangan para umayon sa mga patakaran at regulasyong ito at hindi partikular na ihinirang sa ibang opisyal ng Lungsod ay dapat maging responsibilidad ng, at sa pamamagitan nito ang katulad na responsibilidad ay ihinihirang sa, Tagapamahala ng Lungsod o sa kanyang itinalaga, na dapat tuparin alinsunod sa mga layunin at intensyon ng Polisiyang ito.



C. Ang mga usaping may kinalaman sa pinansya, kabilang na ang mga deposito ng mamimili, paniningil at koleksyon ng mga singil at delingkwenteng account ay responsibilidad ng Punong Opisyal sa Pinansya/Tagapangasiwa sa Pinansya ng Lungsod. Ang Punong Opisyal sa Pinansya/Tagapangasiwa ng Pinansya ay maaaring magpatupad ng katulad na iba pang administratibong gawing pinansyal at pangongolekta na nakikita niyang marapat para sumunod, at kung hindi man ay magbigay ng kaparehong naaalinsunod, sa mga intensyon at layunin ng mga pinansyal na patakaran at regulasyong ipinahayag dito.

III. Mga Bayad at Singil ng Negosyo sa Tubig.

A. Ang mga aplikante para sa serbisyo sa tubig ay dapat na magbayad ng singil sa pagbubukas ng account at magdeposito ng halagang naaayon sa laki ng metro ng tubig para sa mga bagong pagpapaunlad at dalawang beses ng buwanang pamantayan ng nakaraang nangungupahan sa nakalipas na 12 buwan ng umiiral na mga ari-arian, na parehong ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin, bago ang pagkakatatag ng serbisyo sa bawat adres o lokasyon ng metro ng tubig kung mayroon mang higit sa isang metro sa anumang adres. Ang Punong Opisyal sa Pinansya/Tagapangasiwa sa Pinansya, o ang kanyang itinalaga, ay maaaring magpaubaya ng anumang pangangailangan sa pagbabayad ng deposito kung ang aplikante ay may kakayahang magpakita na mayroon siyang kasiya-siyang kasaysayan ng pagbabayad sa loob ng Lungsod ng Rialto. Ang isang mamimili/aplikante na nagkaroon ng nagpapatuloy na serbisyo sa tubig sa Lungsod para sa panahong hindi bababa ng dalawang (2) taon, at hindi naputulan dahil sa huling pagbabayad, ay ipagpapalagay na mayroong kasiya-siyang kasaysayan ng pagbabayad sa Lungsod at maaaring hindi na kailanganin na magbigay ng deposito sa serbisyo sa tubig sa kanyang account. Para sa mga residensyal na account kung saan may natanggap na deposito ang Lungsod, ang depositong ito ay ike-kredito sa nakatalang mamimili para sa mga kasunod na paniningil sa utility sa susunod na dalawang (2) taon kapag hindi naputulan ang mamimili dahil sa hindi-pagbabayad ng mga singil sa tubig sa naturang panahon. Anumang pagkakautang sa singil sa tubig ng mamimili na inutang sa Lungsod sa ibang adres ay dapat na bayaran nang buo bago maaprubahan ang aplikasyon sa serbisyo sa tubig para sa mamimiling iyon. Ang mga deposito sa serbisyo sa tubig ay hindi naililipat sa ibang mga tirahan, ari-arian o tao.



B. Mga minimum na buwanang singil sa serbisyo, mga buwanang singil sa dami ng konsumo, mga ispesyal na singil at bayad sa metro. Lahat ng mga minimum na buwanang singil sa serbisyo, mga buwanang singil sa dami ng konsumo, mga ispesyal na singil tulad ng tinukoy sa seksyong ito, at mga bayad sa metro, sa pamamagitan nito ay pinagtibay at dapat singilin gaya ng matinding ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin.

Mga Ispesyal na Singil at Kaugnay na Regulasyon.

a. Mga Singil sa Proteksyon sa Sunog. Ang mga pribadong linya ng sunog na ginagamit para sa proteksyon sa sunog, maski ang mga nasabing linya ay konektado sa awtomatikong sistema ng pagdidilig o sa mga nakakabit na hose (maliban sa mga fire hydrant), tubig sa fire hydrant, pagrenta sa mga metro para sa mga fire hydrant at mga deposito sa pagrenta ng mga metro, ay dapat singilin ayon sa ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin.

b. Mga Regulasyon sa Metro ng Fire Hydrant. Ang pagbalik ng deposito para sa metro ng fire hydrant ay paksa para sa pagbabayad ng tubig na ginamit sa naaangkop na singil at ang pagbabalik ng metro nang nasa kasiya-siyang kalagayan. Kailangang gawin ang katulad na pagbabawas sa deposito para saklawin ang gastos sa anumang kinakailangang pangkukumpuni sa, o pagpapalit ng, anumang nasirang metro o para sa anumang ibang bayarin at singil na dapat bayaran sa oras ng pagbabalik ng metro.

c. Mga Singil sa Metro at Pagkakabit ng Metro. Ang mga singil para sa mga metro, bayad sa pagkakabit ng metro at Mga Bayarin sa Epekto ng Pagpapaunlad ay dapat ipataw ayon sa ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin.

d. Mga Regulasyon sa Metro. Bukod pa rito, ang mga sumusunod na regulasyon ay dapat umangkop sa mga metrong nakakabit sa loob ng Lungsod:

i. Lahat ng mga bagong tirahan at lahat ng mga gusaling industriyal, pang-negosyo o propesyonal ay dapat tustusan ng 3/4-pulgada ng metro ng tubig o mas malaki pa.

ii. Lahat ng mga koneksyon ng serbisyo sa sunog ay dapat mabigyan ng kahit man lamang ng isang single detector check meter assembly. Ang assembly na ito ay dapat na ikabit, subukin taun-taon, at kumpunihin o palitan nang naaangkop sa mamimili.

iii. Ang mga singil sa koneksyon at/o Mga Bayarin ay dapat bayaran ng aplikante sa Lungsod nang mas maaga para sa bawat koneksyon at sa singil na ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin.



iv. Ang isang tawag ng serbisyo ay gagawin para sa bawat koneksyon sa panahon ng bawat siklo ng paniningil nang walang bayad. Anumang mga karagdagang tawag ng serbisyo sa panahon ng parehong siklo ng paniningil ay dapat singil gaya ng ipinahayag sa Iskedyul ng mga Bayarin, maliban na lamang kung tutukuyin ng Lungsod, sa sariling pagpapasya nito, na ang tawag ng serbisyo ay napilitang gawin dahil sa hindi wastong paggana ng kagamitan ng Lungsod.

IV. Koleksyon ng Singil sa Tubig.

A. Ang mga bayarin sa tubig ay dapat bayaran sa pagdeposito nila sa koreo ng Estados Unidos sa Lungsod, na ang petsa ay isinasaalang-alang bilang petsa ng paniningil, at magiging delingkwente dalawampu't limang (25) araw pagkatapos ng petsa ng paniningil. Ang mga bayarin sa tubig ay paksa para sa pagtitigil ng serbisyo kung hindi mababayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa araw ng pagkadelingkwente.

B. Kung ang account ay delingkwente para sa hindi-pagbabayad ng bayarin, ang naaangkop na mga singil sa pagkadelingkwente na naipahayag ay pana-panahong idadagdag sa susunod na siklo ng paniningil.

C. Kung ang bayad sa ibinigay na bayarin ay hindi nagawa bago o sa mismong dalawampu't limang (25) araw kasunod ng pagkadelingkwente, isang abiso ng pagkaputol ang ipapadala sa mamimili ng serbisyo sa tubig nang sampung (10) araw ng negosyo bago ang pagkaputol. Ang abiso ng lampas sa taning na pagbabayad ay dapat na maglaman ng mga sumusunod:

1. Pangalan at tirahan ng mamimili;
2. Halaga ng pagkadelingkwente;
3. Petsa kung kailan ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad ay magawa upang maiwasan ang pagkatigil ng serbisyo;
4. Paglalarawan ng proseso sa pag-aapply ng palugit para sa panahon ng pagbabayad ng utang na halaga;
5. Paglalarawan ng pamamaraan sa magpetisyon para sa pagrebisa at apela sa bayarin; at
6. Paglalarawan ng pamamaraan kung saan ang mamimili ay maaaring humiling ng ipinagpaliban, inamortisa, binawasan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad.



D. Kung ang kabayaran para sa ipinagpalibang singil ay hindi naisagawa sa o limang (5) araw bago ang mismong pagpuputol, isang abiso ng pagpuputolo ang ibinigay sa mamimili ng serbisyo sa tubig.

E. Kung ang Lungsod ay hindi nagawang makontak ang mamimili sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal., ibinalik bilang hindi-natanggap na liham ang ipinadalang abiso), magsasagawa ang Lungsod ng kagandahang-loob na pagsisikap para bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng iba pang kaayusan sa lugar sa hayag na lokasyon, ng isang abiso ng nalalapit na pagtitigil ng serbisyo para sa hindi-pagbabayad, at isang kopya ng Polisiyang ito.

F. Kung ang isang account ay manatiling delingkwente matapos ang petsa ng pagputol sa abiso ng pagputol, at ang isang abiso ay ibinigay bilang kinakailangan, ang mga serbisyo ay puputulin. Makakatanggap ang mamimili ng paggalang na pananda sa pintuan na magpapaalam sa kanila ng pagputol at impormasyon sa kung paano maipanunumbalik ang serbisyong residensyal.

G. Ang mga pamamaraan ng pangongolekta at/o ligal na aksyon na pinahihintulutan ng batas, ay maaaring itatag upang mabawi ang anumang natitirang halaga matapos magamit ang deposito sa bayarin.

V. Mga Multa

A. Lahat ng mga halagang kikalalaning delingkwente ay makakaipon ng mga multa na pana-panahong ipinahayag sa Resolusyon, o sa Iskedyul ng mga Bayarin hanggang sa mabayaran nang buo.

B. Sinumang tao ang makialam o makapaminsala sa metro o iba pang bahagi ng sistema ng tubig ay mananagot sa lahat ng gastusin ng pagpapanumbalik ng sistema at maaaring singilin nang naayon dito.

C. Sinumang tao, kompanya, negosyo o korporasyon na nangangailangan ng tubig mula sa isang aktibong koneksyon ng serbisyo ay mananagot paea sa lahat ng maiipong singil mula sa nakaraang close out na pagbabasa ng metro sa metro ng serbisyo, kabilang ang anumang karagdagang singil.

VI. Mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagtigil ng Serbisyo sa Tubig.

Hindi dapat itigil ng Lungsod ang residensyal na serbisyo sa tubig kung matutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:



A. Mga Kondisyon sa Kalusugan. Magsusumite ang mamimili o nangungupahan ng sertipikasyon ng isang “Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga,” gaya ng nilinaw sa Koda ng Kapakanan at mga Institusyon Seksyon 14088(b)(1)(A), na ang pagtigil ng serbisyo sa tubig ay maaaring (i) maging banta sa buhay, o (ii) magdala ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao na nakatira sa ari-arian.

B. Kawalan ng Pinansyal na Kakayahan. Nagpapakita ang mamimili na siya ay walang pinansyal na kakayahan na magbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng siklo ng paniningil ng Lungsod. Ang mamimili ay ituturing na “walang pinansyal na kakayahang magbayad” kung sinuman sa miyembro ng sambahayan ng mamimili ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, SSI/Programang sa Dagdag na Bayad ng Estado (State Supplementary Payment Program) o Programang ng California sa Ispesyal na Karagdagang Nutrisyon (California Special Supplemental Nutrition Program) para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata; o (ii) idinedeklara ng mamimili na ang taunang kita ng buong sambahayan ay mas mababa pa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan.

C. Mga Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Papasok ang mamimili sa isang nakasulat na amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, bahagya o buong pagbabawas sa hindi pa nababayarang balanse, o pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad, na naaalinsunod sa mga probisyon ng Seksyon VII sa ibaba at gagawin ang mga kinakailangang pagbabayad ayon sa kasunduan, iskedyul, o plano, bilang naaangkop.

VII. Pagpapasiya sa Mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagtigil ng Serbisyo.

Ang pasanin ng pagpapatunay ng pagsunod sa mga kondisyong inilarawan sa Seksyon VI ay nasa mamimili. Upang bigyan ang Lungsod ng sapat na panahon para iproseso ang anumang kahilingan para sa tulong ng isang mamimili, hinihikayat ang mamimili na magbigay sa Lungsod ng mga kinakailangang dokumentasyon na nagpapakita ng mga isyung medikal sa ilalim ng Seksyon VI(A), kawalan ng pinansyal na kakayahan sa ilalim ng Seksyon VI(B) at pagpayag na pumasok sa anumang kasunduan sa alternatibong pagbabayad sa ilalim ng Seksyon VI(C) sa pinakamaagang maaari bago ang anumang iminungkahing petsa para sa pagtigil ng serbisyo. Sa panahong matanggap ang nasabing dokumentasyon, ang Lungsod, ay dapat rebisahin ang dokumentasyonh iyon at tumugon sa mamimili sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo para alinman sa humiling ng karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyong may kaugnayan sa pisibilidad ng mga maaaring alternatibong kaayusan, o para ipagbigay-alam sa mamimili ang



kaayusan sa alternatibong pagbabayad, at ang mga tuntunin nito, kung saan pahihintulutan ng Lungsod ang mamimili na lumahok. Kung humiling ang Lungsod ng karagdagang impormasyon, kailangang ibigay ng mamimili ng ang hiniling na impormasyon sa loob ng limang (5) araw sa kalendaryo mula nang matanggap ang kahilingan ng Lungsod. Sa loob ng limang (5) araw sa kalendaryo ng pagkakatanggap nito ng karagdagang impormasyon na iyon, kailangang ipagbigay-alam ng Lungsod sa mamimili sa sulat na hindi natugunan ng mamimili ang mga kondisyon sa ilalim ng Seksyon VI, o ipagbigay-alam sa mamimili sa sulat ang kaayusan sa alternatibong pagbabayad, at ang mga tuntunin nito, kung saan pinahihintulutan ng Lungsod ang mamimili na lumahok.

VIII. Mga Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad.

Kailangang alukin ng Lungsod ang mga mamimili ng isa o higit pa sa mga sumusunod na kaayusan sa pagbabayad, na pipiliin ng Lungsod sa sarili nitong pagpapasya: (i) amortisasyon ng hindi pa nababayarang balanse sa ilalim ng Subdibisyon (A); (ii) alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (B); (iii) bahagya o buong pagbabawas sa hindi pa nababayarang balanse sa ilalim ng Subdibisyon (C); o (iv) pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (D). Ang Lungsod, dapat, sa paggamit ng sariling pagpapasya nito, ang pumili ng pinaka naaangkop na kaayusan sa alternatibong pagbabayad matapos rebisahin ang impormasyon at dokumentasyong ibinigay ng mamimili nang isinasaalang-alang ang pinansyal na sitwasyon ng mamimili at ang pangangailangan sa bayad ng Lungsod. Ang mamimili ay limitado sa isang (1) kaayusan sa alternatibong pagbabayad sa isang pagkakataon, dalawang (2) beses kada taon. Kung matutugunan ng mamimili ang mga kondisyong ipinahayag sa Seksyon VI, ang mamimili ay maaaring pumasok sa isang (1) kaayusan sa alternatibong pagbabayad sa isang panahon, nang maraming beses hangga't kinakailangan kada taon. Ang napiling kaayusan sa alternatibong pagbabayad ay dapat ipahayag nang nakasulat at ibigay sa mamimili.

A. Amortisasyon. Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, kailangang pumasok ng mamimili sa isang plano sa amortisasyon na may mga sumusunod na tuntunin:

1. Termino. Kailangang bayaran ng mamimili ang hindi pa nababayarang balanse sa panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng tinukoy ng Lungsod kung, gayunpaman, ang Lungsod, sa makatwirang pagpapasya nito, na mag-apply ng termino ng amortisasyon ng mas maiksi o mas mahaba kaysa sa labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap sa mamimili at sa Lungsod.



Ang hindi pa nababayaranang balanse, kasama na ang anumang naaangkop na bayaring administratibo at anumang ilalapat na interes, ay hahatiin sa bilang ng buwan sa panahon ng amortisasyon at ang halagang iyon ay idadagdag sa nagpapatuloy na buwanang singil sa mamimili para sa serbisyo sa tubig.

2. Pagsunod sa Plano: Kailangang sumunod ng mamimili sa plano ng amortisasyon at manatiling nasa kasalukuyan dahil maiipon ang singil sa bawat kasunod na panahon ng paniningil. Hindi maaaring humingi ng higit pang amortisasyon ng anumang kasunod na hindi mababayaranang singil habang nagbabayad pa ng mga delingkwenteng singil alinsunod sa plano ng amortisasyon. Kapag nabigo ang mamimili na sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, o mabigong magbayad ang mamimili ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng mamimili limang (5) araw ng negosyo pagkatapos ipaskil sa tirahan ng mamimili ang pinal na abiso ng balak nitong itigil ang serbisyo.

B. Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad: Kung ang mamimili ay natugunan ang parehong kinakailangang A at B sa ilalim ng Seksyon VI, Kondisyon ng Pagbabawal sa Pagputol, at pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, kailangang pumasok ng mamimili sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa hindi pa nababayaranang balanse nang naaayon sa mga sumusunod:

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng mamimili ang hindi pa nababayaranang balanse sa panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng sariling natukoy ng Lungsod; kung, gayunpaman, na ang Lungsod, sa makatwirang pagpapasya nito, ay maaaring pahabain ang panahon ng pagbabayad nang mas mahaba pa sa labindalawang (12) buwan upang maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap sa mamimili.

2. Iskedyul: Kailangang magpaunlad ang Lungsod ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa mamimili. Ang alternatibong iskedyul na iyon ay maaaring magbigay ng papana-panahong kabuuang pagbabayad (lump sum payments) na hindi makatulad sa naitatag na petsa ng pagbabayad, maaaring magbigay na magawa ang pagbabayad nang mas madalas kaysa buwanan, kung lahat ng mga kaso ng hindi pa nababayaranang balanse at administratibong bayarin ay dapat mabayaran nang buo sa loob ng panahong itinatatag sa ilalim ng Subdibisyon (1), sa itaas.

3. Pagsunod sa Plano: Kailangang sumunod ng mamimili sa napagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at manatiling nasa kasalukuyan dahil maiipon ang singil sa bawat kasunod na panahon ng paniningil. Hindi maaaring humingi ng iskedyul ng



pagbabayad ng anumang kasunod na hindi mababayaranang singil habang nagbabayad pa ng mga delingkwenteng singil alinsunod sa plano ng amortisasyon. Kapag nabigo ang mamimili na sumunod sa mga tuntunin ng napagkasunduang iskedyul sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, o mabigong magbayad ang mamimili ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng mamimili limang (5) araw ng negosyo pagkatapos ipaskil sa tirahan ng mamimili ang pinal na abiso ng balak nitong itigil ang serbisyo.

C. Pagbabawas sa Hindi Pa Nababayaranang Balanse: Kung ang mamimili ay natugunan ang parehong kinakailangang A at B sa ilalim ng Seksyon VI, Kondisyon ng Pagbabawal sa Pagputol, at pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, makatanggap ang mamimili ng pagbabawas sa hindi pa nababayaranang balanseng utang niya, na hindi lalampas sa tatlung porsyento (30%) ng balanseng iyon nang walang pag-apruba o aksyon ng Konseho ng Lungsod; kung ang anumang pagbabawas ay popondohan mula sa pagkukunang hindi magresulta ng karagdagan singil na maipapataw sa ibang mamimili. Ang proporsyon ng anumang pagbabawas ay tutukuyin ayon sa pangangailangang pinansyal ng mamimili, ang kalagayan at pangangailangang pinansyal ng Lungsod at ang pagkakaroon ng pondo para gawin ang pagbabawas sa hindi pa nababayaranang balanse ng mamimili.

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng mamimili ang binawasang balanse sa takdang petsa na tinukoy ng Lungsod (ang "Petsa ng Binawasang Pagbabayad").

2. Pagsunod sa Petsa ng Binawasang Pagbabayad: Kailangang bayaran ng mamimili ang binawasang balanse sa o bago ang Petsa ng Binawasang Pagbabayad, at manatiling nasa kasalukuyan sa pagbabayad nang buo ng anumang singil na maiipon sa kasunod na panahon ng paniningil. Kung mabigo ang mamimili na bayaran ang halaga ng binawasang pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ang Petsa ng Binawasang Pagbabayad, o mabigong bayaran ang kasalukuyang singil sa serbisyo ng mamimili sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng mamimili limang (5) araw ng negosyo pagkatapos nitong magpaskil sa tirahan ng mamimili ng pinal na abiso sa balak nitong itigil ang serbisyo.

D. Pansamantalang Pagpapaliban ng Pagbabayad: Kung pinili ng Lungsod ang alternatibong ito, pansamantalang maipagpapaliban ang pagbabayad ng customer sa



hindi pa nababayaranang balanse sa panahong tatagal ng hanggang anim (6) na buwan pagkatapos ng dapat na pagbabayad. Kailangang tukuyin ng Lungsod, sa pagpapasya nito, kung gaano kahabang pagpapaliban ang dapat na ibigay sa mamimili.

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng mamimili ang hindi pa nababayaranang balanse sa petsa ng pagpapaliban (ang “Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad”) na tinukoy ng Lungsod. Ang Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad ay kailangang nasa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa na naging delingkwente ang hindi pa nababayaranang balanse; kung, gayunpaman, ang lungsod, sa sariling pagpapasya nito, ay maaaring magtatag ng Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad na lampas sa anim (6) na buwang panahong iyon para maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap sa mamimili at Lungsod.

2. Pagsunod sa Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad: Kailangang bayaran ng mamimili ang pinagpalibang bayad sa o bago ang Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad, at kailangang manatiling nasa kasalukuyan ang pagbabayad nang buo ng anumang mga singil na maiipon sa bawat kasunod na panahon ng paniningil. Kung mabibigo ang mamimili na bayaran ang halaga ng hindi pa nababayaranang kabayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos ng Petsa ng Pinagpalibang Pagbabayad, o mabibigong bayaran ang kasalukuyang singil sa serbisyo ng mamimili sa animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng mamimili limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil sa tirahan ng mamimili ng pinal na abiso sa balak nitong pagtitigil ng serbisyo.

IX. Senaryong Kasero-Nangungupahan

Senaryong Kasero-Nangungupahan.

Ang mga pamamaraan sa ibaba ay tumutukoy sa naka-metro nang paisa-isang hiwalay na tirahang pang isang pamilya, mga residensyal na istrukturang multi-unit at mga mobile home park kung saan ang may-ari ng ari-arian o tagapamahala ay ang mamimili na nakatala at ang responsable sa pagbabayad ng bayarin sa tubig.

A. Kinakailangang Abiso.

1. Kahit sampung (10) araw ng kalendaryo bago kung ang ari-arian ay isang residensyal na istrukturang multi-unit, mobile home park, o isang nahakahiwalay na tirahang pang isang pamilya, para sa posibleng pagtigil ng serbisyo sa tubig, kailangang gumawa ang Lungsod ng kagandahang loob na pagsisikap para ipaalam sa mga



nangungupahan/nakatira sa ari-arian sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ang serbisyo sa tubig ay ititigil.

2. Ang nakasulat na abiso ay dapat ding ipaalam sa mga nangungupahan/nakatira na mayroon silang karapatan silang maging mamimili kung kanino sisingilin ang serbisyo, nang hindi kailangang bayaran ang anuman sa nagdaang delingkwenteng halaga.

B. Ang Pagiging Mamimili ng mga Nangungupahan/Nakatira.

1. Hindi kinakailangang ibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga nangungupahan/nakatira maliban na lamang kung ang bawat nangungupahan/nakatira ay sumasang-ayon sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at matutugunan ang mga kinakailangan at patakaran ng Lungsod.

2. Gayunpaman, kung (i) isa o higit pa sa mga nangungupahan/nakatira ay aakuin ang responsibilidad sa mga kasunod na singil sa account na kaluguran ng Lungsod, o (ii) kung mayroong pisikal na paraan para piling itigil ang serbisyo sa mga nangungupahan/nakatira na hindi makatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod, kung gayon maaaring ibigay lamang ng Lungsod ang serbisyo sa mga nangungupahan/nakatira na makakatugon sa mga kinakailangan.

X. Apela.

Ang isang mamimili ay dapat limitado sa dalawang (2) hindi matagumpay na apela sa anumang labindalawang (12) buwang panahon sa kalendaryo at kung ang limitasyong iyon ay nakamit na, hindi kinakailangang isaalang-alang ng Lungsod ang anumang kasunod na apela na pasisimulan o nasa ngalan ng mamimili na iyon. Hangga't sa nakabinbin ang apela ng mamimili at ang anumang nagreresultang pagsisiyasat, hindi maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig ng mamimili.

A. Paunang Apela. Sa o bago ang nakatakandang petsa sa bayarin, mayroong karapatan ang mamimili na magpasimula ng apela sa anumang bayarin o singil. Ang katulad na kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat at ipadala sa opisina ng Lungsod. Ang kahilungan ay kailangang may kasamang dokumentasyong nagsusuporta sa apela o dahilan para sa apela.

Pagsasaalang-alang ng Apela. Sa pagkatanggap ng kahilingan para sa apela, magsasagawa ng isang pagsusuri sa paksa, at papayuhan ang mamimili tungkol sa resulta sa pamamagitan ng alinman sa elektronikong komunikasyon, berbal o sa sulat.



Pagsubok sa Metro. Sa panahong ang kawastuhan ng pagbabasa ng metro ng tubig ay tunggaliin ng mamimili, susubukin ng Lungsod ang metro sa paraang aprubado ng Kapisanan sa mga Paggana ng Tubig sa Amerika o maihahambing na pamantayan matapos na makapag bigay ng deposito ang mamimili gaya ng nakabalangkas sa Iskedyul ng mga Bayarin. Kung ang pagsubok sa metro ay labas sa katanggap-tanggap na pamantayang itinakda ng Kapisanan sa mga Paggana ng Tubig sa Amerika o iba pang maihahambing na pamantayan, ibabalik ang deposito at ang ibinawas sa bayarin dahil sa pagiging hindi wasto ng metro. Kung ang pagsubok sa metro ay nasa loob ng katanggap-tanggap na pamantayang itinakda ng Kapisanan sa mga Paggana ng Tubig sa Amerika o iba pang maihahambing na pamantayan, ang deposito ay ilalagay sa pondo sa tubig at mananatiling nararapat ang mga tinunggaling bayarin at kailangang bayaran. Ang mga pagsubok sa metro ay isasagawa nang nakahirang kung pinahihintulutan ng iskedyul ng trabaho ng mga kawani.

Mga Hindi Tamang Singil sa Tubig. Kung ang mga pinag-uusapang singil ay matutukoy na hindi tama, ang Mga Serbisyo sa Tubig sa Rialto ay magbibigay ng itinamang singilin at ang pagbabayad sa mga binagong singil ay nakatakdang bayaran sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo sa petsa ng invoice para sa mga binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay mananatiling hindi nabayaran nang higit pa sa animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos maibigay ang naitamang invoice, puputulin na ang serbisyo sa tubig; kung ang Lungsod ay nakapagbigay sa mamimili ng anumang mga kinakailangang abiso. Maipanunumbalik lamang ang serbisyo sa tubig kapag nakapagbayad nang buo sa lahat ng mga natitirang singil sa tubig, multa, at anuman at lahat ng naaangkop na singil sa muling pagkakabit.

2. Tamang Singil sa Tubig. Kung ang mga pinag-uusapang singil sa tubig ay matutukoy na tama, kailangang bayaran ang mga singil sa tubig ng dalawang (2) araw ng negosyo pagkatapos maibigay ang desisyon. Sa oras na maibigay ang desisyob, papayuhan ang mamimili ng kanyang karapatan na higit pang mag-apela sa Lungsod. Anumang katulad na apela ay kailangang maipasa nang nakasulat sa loob ng limang (5) araw ng negosyo pagkatapos na maibigay ang desisyon.

3. Kabiguan sa Higit Pang Pag-apela. Kung ang mamimili ay hindi napapanahong umapela sa Lungsod, at ang mga singil sa tubig na pinag-uusapan ay mananatiling hindi nababayaran limang (5) araw ng negosyo pagkatapos na maibigay ang desisyon, puputulin ng Lungsod ang mga serbisyo sa tubig pagkatapos ng orihinal na animnapung (60) araw na ipinahayag sa abiso ng lampas sa taning na pagbabayad.



4. Labis na Singil. Anumang labis na singil ay ipapakita bilang kredito sa susunod na regular na bayarin ng mamimili, o direktang isasauli sa Mamimili ang bayad, sa sariling pagpapasya ng Lungsod.

5. Mga Pagsasaayos. Ang mga pagsasaayos sa mga account ng mamimili ay hindi kakalkulahin nang lampas sa isang (1) taon.

B. Apela sa Lungsod. Ang apela sa Lungsod ay kailangang magawa ng limang (5) araw ng negosyo mula sa pagkatanggap ng desisyon. Ang katulad na kahilingan ay kailangang gawin nang nakasulat at ipadala sa opisina ng Lungsod. Kailangang maglaman ang kahilingan ng dokumentasyong sumusuporta sa apela o ang dahilan para sa apela.

1. Mga Hindi Tamang Singil sa Tubig. Kung ang pinag-uusapang mga singil sa tubig ay matutukoy na hindi tama, kailangang magbigay ang Lungsod ng itinamang invoice at ang pagbabayad ng mga binagong singil ay nakatakdang bayaran sa loob ng sampung (10) araw ng araw ng kalendaryo mula sa petsa ng invoice ng binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay mananatiling hindi nabayaran nang higit sa animnapung (60) araw ng kalendaryo pagkatapos na maibigay ang itinamang invoice, puputulin ang serbisyo sa tubig; kung ang Lungsod ay nakapagbigay sa mamimili ng anumang mga kinakailangang abiso. Maipanunumbalik lamang ang serbisyo sa tubig kung mababayaran nang buo ang lahat ng mga natitirang singil sa tubig, multa, at anuman at lahat ng mga naaangkop na singil sa muling pagkakabit. Ang desisyon ng Lungsod ay dapat pinal at umiiral.

2. Mga Tamang Singil sa Tubig. Kung ang pinag-uusapang mga singil sa tubig ay matutukoy na tama, dapat bayaran ang mga singil sa tubig sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo matapos maibigay ang desisyon ng Lungsod. Sa panahong ang mga singil ay hindi nabayaran nang buo sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo matapos maibigay ang desisyon ng Lungsod, puputulin ng Lungsod ang mga serbisyo sa tubig pagkatapos ng orihinal na animnapung (60) araw na ipinahayag sa abiso ng lampas sa taning ng pagbabayad, kung nakapagbigay ang Lungsod sa mamimili ng anumang mga abiso.

3. Mga Labis na Singil. Anumang mga labis na singil ay ipapakita bilang kredito sa susunod na regular na bayarin ng mamimili, o direktang ibabalik ang bayad sa Mamimili, sa sariling pagpapasya ng Lungsod.

XI. Pagpapanumbalik ng Serbisyo.



Upang muling maibalik ang serbisyo sa tubig na itinigil dahil sa hindi-pagbabayad, kailangang bayaran ng mamimili ang lahat ng mga singil sa pagka-delingkwente, kabilang ang anumang naaangkop na multa, depositong panseguridad, at ang bayarin sa muling pagkakabit na itinatag ng Lungsod. Anumang mga bayarin sa muling pagkakabit sa panahon ng normal na oras ng operasyon ng Lungsod ay hindi dapat lalampas sa \$50, at ang mga bayarin sa panahon na walang-operasyon ay hindi lalampas sa \$150 para sa mga mamimili na nagpapakitang (i) ang kita ng kanilang sambahayan ay mas mababa nang 200% sa pederal na antas ng kahirapan; o (ii) kung sinumang miyembro ng sambahayan ng mamimili ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, SSI/Programang sa Dagdag na Bayad ng Estado (State Supplementary Payment Program) o Programang sa California sa Ispesyal na Karagdagang Nutrisyon (California Special Supplemental Nutrition Program) para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata. Ang mga singil sa muling pagkakabit na iyon ay hindi dapat lumampas sa aktwal na gastos ng muling pagkakabit kung ang gastusin ay mas mababa sa naaayong limitasyon sa batas. Ang mga limitasyong iyon ay maaaring iakma taun-taon para sa pagbabago sa Indeks ng Presyong Pangkonsumo (Consumer Price Index, CPI) –para sa lugar ng Riverside - San Bernardino - Ontario simula Enero 1, 2021.

XII. Pag-a-upgrade ng Metro.

Alinmang tao, negosyo, o korporasyon (maliban sa mga tirahang pang isang-pamilya) na ang daloy ng serbisyo ay lumalampas sa maksimum na tuluy-tuloy na daloy ng operasyon gaya ng inirerekomenda ng Pamantayan ng Kapisanan sa mga Paggana ng Tubig, ay kailangang mag-upgrade ng serbisyo sa laking sasapat para matugunan ang mga pangangailangang inilalagay sa serbisyo. Lahat ng mga gastusin para sa pag-a-upgrade ng serbisyo at ang naaangkop na mga bayarin sa pagpapaunlad ay dapat pasanin ng mamimili.

XIII. Mga Bagong Kabit sa Pabahay.

Dagdag pa sa mga singil na ipinahayag dito, ang mga bagong kabit sa pabahay ay sisingilin ng flat rate na bayad para sa bawat lote sa tubig ng konstruksyon, gaya ng tinutukoy sa Iskedyul ng mga Bayarin. Ang singil na ito ay dapat bayaran nang maaga kasabay ng paglalabas ng grading permit at sasakupin ang lahat ng magagamit na tubig gaya ng sumusunod:

City of Rialto/Rialto Utility Authority
Water Rules and Regulations



A. Mga serbisyo ng metro - kailangang magkabit ng jumper (kapalit ng metro ng tubig) sa pagsisimula ng konstruksyon ng bahay para sa maksimum na panahon ng 120 araw o hanggang sa magsimula ang landscaping sa lote o matapos ang bahay, alinman ang mauunang mangyari. Sa panahong iyon, ang metro ng tubig ay nakakabit na at magiging paksa na para sa lahat ng mga singil na ipinahayag sa Resolusyong ito at sa Iskedyul ng mga Bayarin.